Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
Partisipasyon ng mga Kababaihan sa Rebolusyong Pilipino

**I. Panuto:** Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang

| | | |
|---|---|---|
| Marina Dizon | Gregoria de Jesús | Teresa Magbanua |
| Agueda Kahabagan | Melchora Aquino | Trinidad Tecson |

_______________1. Siya ay tubong Bulacan at kinilala bilang "Ina ng Biak-na-Bato."

_______________2. Siya ang nagsilbing kalihim (*secretary*) ng Sangay Pangkababaihan ng Katipunan.

_______________3. Tinawag siyang "Lakambini (*Princess*) ng Katipunan" at nakilala rin sa pangalang Aling Oriang.

_______________4. Siya ang tanging rebolusyonaryo na nabigyan ng ranggong henerala mula sa hanay ng kababaihan sa ilalim ng Republika ng Pilipinas.

_______________5. Tinawag siyang "Visayan Joan of Arc" bilang pagkilala sa kaniyang ipinamalas na katapangan sa pakikidigma laban sa mga sundalong Espanyol sa lalawigan ng Iloilo.

**II. Panuto:** Tukuyin at bilugan ang wastong kasagutan sa bawat tanong.

1. Sino ang tumayong pangalawang pangulo ng binuong Sangay Pangkababaihan ng Katipunan?

   a. Josefa Rizal　　b. Gregoria de Jesús　　c. Marina Dizon　　d. Angelica Lopez

2. Sino ang tanging rebolusyonaryo na nabigyan ng ranggong henerala mula sa hanay ng kababaihan?

   a. Trinidad Tecson　　b. Agueda Kahabagan　　c. Marina Dizon　　d. Teresa Magbanua

3. Bakit tinawag na "Tagalog Joan of Arc" si Agueda Kahabagan?

   a. Namuno siya sa maraming labanan sa Katagalugan laban sa mga Espanyol.

   b. Ipinamalas niya ang katapangan sa digmaan laban sa mga Espanyol sa Iloilo.

   c. Lumahok siya sa himagsikan sa Laguna at sa digmaan laban sa mga Amerikano.

   d. Pinalakas niya ang puwersa ng mga Katipunera sa Maynila sa tulong ni Tandang Sora.

4. Alin sa sumusunod ang hindi wastong paglalarawan kay Gregoria de Jesús?

   a. Siya ay kabiyak ng dibdib o asawa ng supremo ng Katipunan na si Andres Bonifacio.

   b. Tinawag siyang "Lakambini (*Princess*) ng Katipunan" at nakilala rin sa pangalang Aling Oriang.

   c. Nagtayo siya ng mga pasilidad na nagsilbing pagamutan at pahingahan ng mga sugatang Katipunero.

   d. Naging burdadora siya ng unang watawat ng Katipunan at naging tagapag-alaga ng mga sugatang Katipunero.

5. *"Dulot ng tradisyonal na imahen ng kababaihan, hindi nabigyan ng pagkakataong makilahok sa digmaan ang kababaihang rebolusyonaryo".* Aling paglalarawan ukol sa pahayag ang pinakaakma?

   a. Wasto ang pahayag.　　b. Hindi wasto ang pahayag.

   c. Maaaring wasto o hindi ang pahayag.　　d. Malabo ang pahayag